



Ang tiwala ang siyang pinakamalakas na tibay

Sa isyung ito, Kinapanayam namin si Ginoong Shinah Bhupendran Man Kinatawan ng Kumpanyang Konstraksiyon Mirai Korporasyon (Moriyama)



17 taon na mula nung dumating ako ng Japan galing Nepal bilang exchanged student. Namangha ako sa tibay ng Japan na makabangon muli mula sa naging masaklap na sitwasyon nito nung mabisita ko ang Hiroshima Peace Memorial Park kaya nagpasiya akong mag-aral sa bansang ito. Pagkatapos kong mag aral ng

wikang hapon ng isang taon sa paaralan para sa wikang hapon sa Osaka, Ninais kong matutunan ang pinakamahusay na arkitektura ng Japan kaya pumasok ako sa unibersidad at kumuha ng pangunahing kurso sa arkitektura. Nung una at pangalawang taon ko sa pag aaral hindi lang sa salita ako nahirapan kundi magin man sa pagsulat ng kanji at draft dahil hindi ko ito maisulat ng maayos. Gayundin nung nag aaral pa ako masyado akong abala dala-dalawa ang hawak kong trabaho bilang part-timer sa yakiniku restawran at sa hotel, gayunpaman masuwerte ako at napapalibutan ako ng matutulunging tao ng Osaka at nagkaroon pa ako ng maraming kaibigan. Nung magtapos ako ng pag aaral nakapasok ako ng trabaho sa isang kumpanya ng pangunahing arkitektura at naatasan ako sa pamamahala sa departamento ng pagdisenyo at sa pamamahala ng konstruksyon sa Shiga. Pagkatapos kong magtrabaho ng 12 taon, nagsimula akong magtayo ng aking sariling kumpanya sa lungsod ng Moriyama nitong nakaraang taon, itinayo ko ang opisina sa tabi ng bahay ko. Maganda at tahimik ang heograpiya ng Shiga kung saan wala itong masyadong nararanasang sakuna. Ang aking asawa ay nagtuturo ng inglis sa aming mga kapit-bahay samantala ang mga bata naman ay pumapasok sa lokal na paaralan. Sa una nag alala akong magsimulang magsarili subalit dahil sa tulong na rin ng bali-balitaan naging abala ako at mas lalo pang nadagdagan paunti-unti ang bilang ng aking mga kostumer.

Tumatanggap ang kumpanya ko ng malawakang hanay ng mga gawain mula sa maliliit na trabaho tulad ng pagtutubero, pagdidisenyo ,pagtatayo ng mga bahay at tindahan, paggawa at sa muling pagsasaayos. Upang makapagtrabaho ang mga dayuhan sa Japan, kailangan maging pamilyar sa wika at kultura ng Japan, Ngunit sa tingin ko mahalagang kumilos habang isinasang-alang ang wastong pag uugali ng mga hapon. Sa sitwasyon ko, pagkadating ko palang ng Japan nasanay na akong manirahan kasama ang mga hapon kaya hindi ako masyadong nahirapan sa kultura ng hapon at lalong hindi ko naramdaman na nakatira ako sa ibang bansa. Sa usapin sa ugnayang-trabaho naman kinakailangan kong maging maingat at sundan ang pamantayan ng mga hapon dahil kung hindi, di ko magagawang mapapanatili ang magandang relasyon ko sa aking mga kostumer.

Nakikipagtulungan din ako sa mga manggagawa sa konstraksiyon sa ibat ibang larangan ng mga gawain kaya dapat ang pananaw ko ay kailangan kapareho sa mga manggagawang hapon dahil kung hindi, di magpapatuloy nang maayos ang trabaho. Ganon din ang mga ibang manggagawa hindi nila ako nakikita bilang isang dayuhan. Bilang karagdagan, kung nangangasiwa ka ng mga malawakang tungkulin, kinakailangan mo ng lubos na kaalaman at ekspertong kakayahan upang makapagbigay ka ng mas detalyadong mga tagubilin sa mga ibang manggagawa sa lugar ng pinatratrabauhan. Dahil diyan, bilang pagpapahalaga nakatulong at nagamit ko ang aking mga naging karanasan sa pagtrabaho sa kumpanya.

Sa katunayan karamihan sa trabaho sa konstraksiyon ay mahirap at dumihin. Nung magtapos ako sa aking pag aaral sa departamento ng arkitektura, iniisip ko ang sarili ko na nakasuot ng terno at nagdidisenyo sa isang kumpanya, kung kaya may mga panahon na napapaisip ako at natatanong ko ang sarili ko kung bakit inilagay ko ang sarili ko sa ganitong dumihin at kabigat na sitwasyon na lugar ng trabauhan. Sa mga oras na iyon, hinimok at pinaalalahanan ako ng aking asawa kung ano ang dahilan ko bakit ako nagsumikap mag aral sa unibersidad at dahil doon nabago ang aking mga pananaw. Kung pag uusapan ang mga nagdaang mga karanasan, sa palagay ko pagdating sa huli may mga bagay na kapaki-pakinabang kung pagsusumikapan mong pagbutihin gawing mahusay ang iyong trabaho. Segurado ako na lahat ay may kanya-kanyang mga layunin sa buhay, subalit ang bawat landas ay iba-iba at may mga pagkakataon na kung minsan hindi mo ito mararating. Kahit ganunpaman ang pangyayari, kailangan pa rin nating magsumikap upang magbukas ang daan pasulong at dahil ang edukasyon ay siyang pundasyon nais kong pahalagahan ninyo ang pagkakataong mag aral mabuti upang mas mapalawak pa ninyo ang inyong daan sa hinaharap, lalo na sa mga kabataang mag aaral mula sa ibang bansa na maaring mawala ang interes sa pag aaral at malihis sa kanilang mga layunin dahil sa sobrang pagtrabaho bilang part-timer, nais kong matutunan nila ang mga mahuhusay na kasanayan at mga karanasan na maaring mapag-aaralan lang sa Japan. Bukod sa aking trabaho, kasalukuyang nag aaral din ako sa layunin upang maging ganap at pangunahing arkitekto.

Napakaswerte ko rin at nakarating ako hanggang dito mula ng dumating ako sa Japan ito ay dahil sa nabiyayaan ako ng magandang-ugnayan sa mga “ Tao “ at pinakaiingatan ko ito tulad ng isang kayamanan. May mga pagkakataon na ang isang maliit na trabaho na natatanggap ko sa mga kostumer ay kadalasan nauuwi sa malakihan, bilang tugon sa tiwalang ibinigay nila nakapagbibigay ito sa akin ng malakas na tibay. Mahirap bumuo ng tiwala ngunit sa isang iglap lang madali itong mawala. Pagsisikapan kong ipagpatuloy ang pagtrabaho upang masuklian ko ang bawat tiwalang aking natatanggap.

Paano magpasuri sa ospital ng Japan



○ Dalhin ang inyong kard ng segurong-pangkalusugan (Hoken-shou)

Ang kard ng segurong-pangkalusugan (hoken-shou) ay isang kard na ipinapakita mo kapag nagpunta ka sa ospital. Inihahanda ito ng kumpanya o munusipyo sa Japan, kung ipapakita mo ito sa ospital, maaari kang makakuha ng benipisyong medikal na 30% sa pagpapasuri na itinakda ng pambansang pamantayan, kaya't makakamura ka. Gayunpaman, kung nakalimutan mo itong ipakita hindi lamang babayaran mo ang buong halaga ng bayarin kundi maaaring mas mahal pa ito dahil sa halip na base sa pambansang pamatayan ang singil nito ay malayang makapagpapasya ang ospital sa mga babayaran nito. Huwag kakaligtaaang dalhin ang inyong Kard ng segurong-pangkalusugan (Hoken-shou) kapag pupunta. Ang inyong Kard sa pang-indibiduwal na numero (My Number) ay magagamit mo bilang iyong Kard ng segurong-pangkalusugan sa hinaharap, kaya mas makabubuting iparehistro ng maaga ang inyong My Number Card.

○ May mga pagkakataon na hindi maaring magamit ang iyong Kard ng Segurong-pangkalusugan (Hoken-shou)

Maaaring gamitin ang Kard ng segurong pangkalusugan sa halos karamihan sa mga ospital at mga tambalang parmasya na tumatanggap ng reseta ng doktor sa Japan. Gayunpaman, mayroon din ilan na hindi maaring magamit sa pagpapasuri, bilang karagdagan hindi rin ito maaring magamit sa mga pagpapagamot na hindi naaangkop sa pambansang pamantayan tulad ng mga operasyon pampaganda (cosmetic surgery) at pagpapaayos ng ngipin (orthodontics) na hindi nakakaapekto sa pang araw-araw na pamumuhay. Hindi rin nito sakop ang pagpapabakuna, pagpapasuri ng kalusugan, at ang pagpapalaglag ng bata.

[Mahusay na paraan kung papano makatipid ay depende sa kung paano ka pumunta sa ospital]

Kung sakaling biglaang magkasakit at kinakailangan ng pangangalagang-medikal sa mga institusyong-medikal sa mga panahon na walang pasok/piyesta opisyal o sa gabi. Gayunpaman, depende ito kung papaano ka pumupunta sa ospital, maaari kang singilin ng mga karagdagang bayad at maaaring mapamahala ang inyong bayarin sa pagpapatingin.

◇ Magkakaroon ng karagdagang singil kung magpapatingin sa klinika na labas na sa oras ng konsultasyon

Kung magpapatingin ka sa klinika sa gabi, madaling araw, piyesta opisyal (Linggo/bakasyon), at hatinggabi na labas na sa oras ng konsultasyon, kailangan mong magbayad ng karagdagang bayad bilang dagdag sa regular na bayarin nito. Gayundin, kung tatanggap ng gamot sa isang parmasya mula sa iyong pagpakonsulta na labas na sa oras ng konsultasyon ay may karagdagang bayad. Suriin at kumpirmahin muna ang oras ng konsultasyon sa home page nito bago pumunta.

◇ Kung biglang pumunta sa isang malaking ospital, may mga karagdagang bayarin

Kung pupunta ka sa isang malaking ospital na walang dalang sulat ng rekomendasyon, mayroong ipapataw na karagdagang bayarin na 5,000yen o higit pa. Una, magpatingin muna sa iyong lokal na doktor, at kung kinakailangan pumunta sa malaking ospital mas makabubuti kung may dala kang rekomendasyon na sulat mula sa iyong doktor.

◇ Ang pagpapatingin sa maraming ospital ay nakapagdaragdag ng mga bayarin pang-medikal

Nagpalipat-lipat ka na ba ng mga ospital? Sa mga kadahilanan tulad ng [Dahil hindi bumubuti ang nararamdamang sintomas] o [Dahil malayo ang lokasyon], bawat pagbisita sa ospital ay may babayaran kang paunang bayad (shoshinryo) para maiwasan magdoble ang pagpatingin, pagpagamot at bayarin tiyakin ang inyong doktor at magpatingin sa parehong ospital.

Ramdamin ang tag-sibol ipahinga ang katawan at isipan



Nasa pangalawang tagsibol na tayo simula nung makumpirma ang pinakaunang bagong nobelang coronavirus sa Japan. Masayang gugulin natin ito habang tinutupad ang pagpapanatili sa pag-distansiya, masigasig na paghuhugas ng mga kamay, at pagdidisimpikta upang maiwasang mahawaan at makahawa din sa iba!

★ **Palamutihan natin ng makulay ang hapag -kainan mula sa mga gulay sa ating hardin !**

Pag Golden Week umiinit ang temperatura ng panahon, parang gusto nating makapag-unat-unat ng katawan. Ganun din ang mga pananim at halamang gulay na nagsisipag-usbungan habang naarawan. Ang mga hardin sa tahanan ay nakakapagbigay sa atin ng pagkakataong maalagaan natin ang ating mga sariling pananim at nakapagbibigay din ng saya kung tayo mismo ang aani ng mga preskong gulay at ihahanda natin ito sa ating hapag kainan. Bakit hindi mo subukang magtanim ng pang- tagsibol na mga gulay sa inyong hardin, beranda, o sakahan na inuupahan?



Ang paupahan ng sakahan ay pinamamahalaan at pinapatakbo ng mga ibat ibang organisasyon. Mga maaring magamit na mga pasilidad at mga serbisyo katulad ng paradahan, pag arkila ng mga kagamitan at mga banyo ay depende sa uri ng ani at samahan. Mangyaring makipag ugnayan sa kawani ng agrikultura sa inyong munusipyo o sa JA para sa inyong mga katanungan.

★ **Libutin natin sa pamamagitan ng bisiklita upang matuklasan ang mga atraksiyon sa Shiga!**

Ang Shiga ay isang rehiyon na sagana sa kasaysayan at kalikasan. Mayroong kalahating araw at buong araw na mga kurso sa pagbibisikleta sa mga lugar na maaring malibot na hindi mo karaniwang napupuntahan. Bakit hindi subukang tumuklas ng mga bago sa pamamagitan ng paglibot gamit ang bisiklita sa Shiga? May mga nakahandang mga paupahang bisiklita sa buong prepektura kung sakaling wala kang sariling bisiklita at may mga tindahan din na nag aalok ng palibreng renta.



Parentahan ng mga bisiklita sa Shiga →



Mga Kurso sa pagbisiklita →



★ **Maglibot sa mga kastilyo sa Shiga!**

Humigit-kumulang 1300 mga kastilyo ang itinayo sa gitna a sat modernong edad (1184-1867) sa Prepektura ng Shiga. "Ang mga mananakop sa Omi (Shiga) ay mananakop sa mundo" ay isang tanyag na kasabihan habang ang mga kumander ng militar ay nakipaglaban para kontrolin ang rehiyon sa panahon ng digmaang sibil. Bakit hindi bisitahin ang mga kastilyo ng Shiga at ang mga nasirang mga kastilyo dito?

Mga kilalang kastilyo, Kastilyo ng Hikone, Kastilyo ng Azuchi at Kastilyo ng Hachiman

Nirerekomendang kurso sa paglakbay sa

Kastilyo at mga nasirang kastilyo sa Shiga →



(Sirang kastilyo Hachiman • Hachiman-bori Kanal → Sirang kastilyo Azuchi → Nobunaga-no-yakata → Arkeolohiko museyo kastilyo Azuchi → Kastilyo Hikone → Sirang Kastilyo Sawayama → Makasaysayan Museyo Kastilyo Nagahama → Sirang Kastilyo Odani

PAHAYAGAN MIMITARO

Mga inirerekomandang lugar sa tagsibol!

◆ BIWAKO TERRACE

Sumakay ng cable car paakyat na may taas na 1100m at makikita ang malawakang tanawin ng Biwako, mga tanawin ng Kyoto, Osaka, at mga bulubundukin sa tabi ng dagat ng Japan sa ibabaw ng terasa.

Lokasyon : Otsu-shi Kido 1547-1

TEL: 077-592-1155



◆ La Collina Omihachiman

Matatagpuan sa gitna ng mayamang kalikasan ang 「Kusayane」 mabibili sa mga pangunahing tindahan dito ang mga pagkaing hapon, mga pagkaing-kanluran at ang mga piling tindahan, kainan, at kapehan. Tikman ang bagong hain na Baumkuchen!

Lokasyon : Omihachiman-shi kitanoshou-chou 615-1

TEL: 0748-33-6666



◆ Parkeng Pang-agrikultura ng Shiga Blume-no-oka

May 4 na malalaking bukirin ng mga bulaklak na puno ng mga pana-panahong mga bulaklak. Masisiyahan ka rin sa may hardin ng mga bulaklak na tulip simula umpisa sa buwan ng abril hanggang sa katapusan ng buwan!

Lokasyon : Nishioji 843 Hino-cho Gamo

TEL: 0748-52-2611



◆ Pagsangguni sa HIV/AIDS

Mayron serbisyong pagsangguni sa telepono kung nag-aalala o gusto mo ng mga impormasyon patungkol sa AIDS o HIV.

Maari kang magpakonsulta ng AIDS sa bawat pampublikong sentro ng kalusugan sa Prepektura ng Shiga, o sumangguni sa tagapayo sa pamamagitan ng tawag atbp.

◇ Pagsangguni/Konsultasyon sa telepono

TEL: 077- 524-0051

Tuwing Lunes • Miyerkules 9am ~ 12pm



◇ Pagpapasuri sa AIDS

- Ang pagpapasuri sa AIDS ay tintanggap sa bawat pampublikong sentro ng kalusugan, maaring ibigay sa mismong araw ang resulta. At ang kumpirmasyon sa resulta ng pagsusuri ay ibibigay sa mga susunod na mga araw.
- Libre ang pagpapasuri • anonimo/hindi nagpapakilala.
- Mangyaring komunsulta sa pampublikong sentro ng kalusugan para sa pagpapareserba sa pagpapasuri.



BALITA MULA SA MIMITARO



◆ Aplikasyon para sa Pabahay ng Prepektura

Ang aplikasyon para sa pabahay ng prepektura ay nagbubukas sa nakatakdang panahon 4 na beses kada taon. Gayunpaman, tumatanggap din ito para sa mga ilang yunit ng pabahay sa di regular na panahon. (depende sa kondisyon)



Info Shiga-kenei Jyutaku Kanri Center

TEL: 077-510-1500

TEL: 077-510-1501 (Wikang Portugal)

◆ Paglipat sa ibang araw ng mga bakasyon sa taong 2021!

Paglipat sa ibang araw ng mga bakasyon ngayong taon. Pakitandaan!

Umi-no-hi Lunes, Hulyo 19 → Huwebes, Hulyo 22

Sports-no-hi Lunes, Oktubre 11 → Biyernes, Hulyo 23

Yama-no-hi Miyerkules, Agosto 11 → Linggo, Agosto 8*

*Lunes, Agosto 9 ay ang kapalit na bakasyon

◆ Para doon sa mga nahihirapan sa bayarin sa buwis

Sumangguni lamang sa mga institusyon patungkol sa pagpaliban at pagbawas ng bayarin tulad sa pambansang buwis, lokal na buwis at seguro kung nahihirapan sa mga bayarin dulot ng COVID-19.

♡ Patungkol sa bakuna ng coronavirus

Ang pagpapabakuna sa COVID-19 ay nakabase sa prayoridad sa libreng bayad. Mangyaring pakiantay lamang ang notipikasyon na magmumula sa inyong lokal na munusipyo.

Abiso mula sa SIA

~Impormasyon tungkol sa tulong-pinansiyal na iskolarsip~

Ang Orisuru-kai ay nagbibigay ng iskolarsip na tulong-pinansiyal para sa mga batang naulila dulot ng aksidente sa trapiko, nagbibigay sila ng mga benipisyong tulad ng bayarin sa pagpasok sa paaralan, at tulong -pinansiyal para sa pag aaral (hanggang makapagtapos ng hayskul).

Info Orizuru-kai Kyomachi 4-1-1, Lungsod ng Otsu

Sa loob ng kawani sa pagpapanatili sa mga daan ng Prepektura ng Shiga (doro hozen-ka) TEL: 077-528-3682

Information Center para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga (Shiga Intercultural Association for Globalization)

Mangyaring makipag-ugnayan lamang sa aming tanggapan para sa inyong mga katanungan at mga problema. Sumusuporta po kami sa ibat ibang wika. Mayron libreng legal na konsultasyon.

TEL: 077-523-5646 Fax: 077-510-0601

E-mail: mimitaro@s-i-a.or.jp

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay ilalathala sa Hulyo